TAGALOG | 044A

Impormasyon sa Pagboto para sa mga

Bagong Mamamayan ng Canada

Elections Manitoba



Binabati ka ng Elections Manitoba sa pagiging bagong mamamayan ng Canada!

Sino ang maaring bumoto?

Ikaw ay maaring bumoto kung ikaw:

- Ay isang mamamayan ng Canada;
- Ay hindi bababa sa labing-walong (18) taong gulang sa araw ng halalan; at
- Ay nanirahan sa Manitoba ng hindi bababa sa anim na buwan bago ang araw ng halalan.

Kailan ako makakaboto?

Mayroon kang pagpipilian:

Bumoto nang maaga:

- Ang maagang pagboto ay tatakbo ng walong (8) araw.
- Bisitahin ang website para mahanap ang lugar para sa maagang pagboto na pinakamalapit sa iyo.
- Maari kang bumoto sa kahit anong lugar ng maagang pagboto sa Manitoba.

Bumoto sa araw ng halalan:

- I-tsek ang inyong voter information card o bisitahin ang website para malaman kung saan boboto.
- Ikaw ay dapat bumoto sa iyong nakatalagang lugar ng pagboto sa araw ng halalan.

Elections Manitoba

Mga ibang paraan para bumoto:

Bumoto mula sa bahay:

- Kung ikaw ay hindi makakapunta sa lugar ng pagboto dahil sa kapansanan, ikaw ay maaring mag-aplay para sa pagboto mula sa tahanan. Ang iyong tagapag-alaga ay maari ding mag-aplay.
- Ang mga applications ay makukuha sa Elections Manitoba.

Bumoto mula sa labas ng Manitoba:

- Kung ikaw ay malayo sa panahon ng maagang pagboto at sa araw ng halalan, maari kang mag-aplay para sa absentee voting.
- Ikaw ay dapat mag-aplay ng alas otso ng gabi sa araw ng Sabado bago ang araw ng halalan, pero subukan mo na mag-aplay ng mas maaga pa para matanggap mo ang iyong ballot kit sa oras.

Bumoto sa ospital o sa ibang pasilidad ng pangangalaga:

Ang mga voting stations ay itatayo sa mga ospital at iba pang mga pasilidad ng pangangalaga sa araw ng halalan.

Paano ako magpaparehistro para bumoto?

- Bisitahin ang online voter registration service sa electionsmanitoba.ca, o
- Tumawag sa 204-945-3225, toll-free 1-866-628-6837

Kung ikaw ay nakarehistro, maari kang bumoto.

- Makakatanggap ka ng voter information card sa koreo kapag nagtawag na ang halalan.
- Ang voter information card ang magsasabi sa iyo kung saan at kalian ka maaring bumoto.
- Dalhin mo ang iyong voter information card sa pagboto.

Kung hindi ka nakarehistro o lumipat ka na, maari ka pa rin bumoto. Siguraduhin mo na magdala ng ID.

ID para bumoto

Ang lahat ay dapat magpakita ng ID para bumoto, alinman:

- Isang piraso ng government-issued ID na may larawan, tulad ng lisensiya ng pagmamaneho O:
- Dalawang piraso ng ID, tulad ng health card, utility bill, bangko o debit card.

Ang iyong voter information card ay maaring gamitin bilang isang pirasong ID. Madaming mga iba pang ID ang tatanggapin. Bisitahin ang electionsmanitoba.ca para makita ang kumpletong listahan.

Pagpapatunay

- Kung ikaw ay nakarehistro upang bumoto ngunit walang ID, isa pang botante mula sa inyong elektoral na dibisyon na mayroong ID ay maaring magbigay ng pagpapatunay para sa iyo. Ang pagbigay ng pagpapatunay ay pinapayagan lamang sa araw ng halalan, hindi para sa maagang pagboto.

Bakit boboto?

- Ang pagboto ay isang demokratikong karapatan ng lahat ng mga karapat-dapat na botante.
- Ang pagboto ay isang paraan upang aktibong makilahok sa demokrasya.
- Ang pagboto ay isang oportunidad upang makatulong sa paghubog ng inyong komunidad.

Ang pagboto sa Manitoba ay:

- libre, patas, ligtas at madaling puntahan
- protektado sa ilalim ng *Canadian Charter of Rights and Freedoms*
- iyong desisyon
- lihim – walang sinuman ang makakaalam kung sino ang iyong ibinoto

Mga antas ng pamahalaan:

- Tatlong antas ng pamahalaan ay nangangahulugan na mayroong tatlong magkakaibang uri ng mga halalan: pederal, panlalawigan at munisipal
- Ang bawat antas ng pamahalaan ay may iba't-ibang responsibilidad. Narito ang ilan sa mga halimbawa:

Pederal	Panlalawigan	Teritoryal
• Depensa • Buwis • Mga Paliparan • Pagkamamamayan at Imigrasyon • Mga Pasaporte • Serbisyong Postal	• Pangagalaga ng Kalusugan • Edukasyon • Transportasyon at mga Haywey • Mga Lisensiya ng Pagmamaneho • Panlipunang tulong	• Pangungulekta ng Basura • Tubig at dumi sa imburnal • Mga serbisyo sa Sunog at Pulisya • Mga Parke • Mga Silid-Aklatan

Sino ang maari kong iboto?

- Ang Manitoba ay nahahati sa limamput-pitong (57) lugar o mga dibisyon na elektoral. Iboto mo ang kandidato na pinili mo sa inyong elektoral na dibisyon.
- Ang kandidato na may pinakamaraming boto sa inyong elektoral na dibisyon ang magiging inyong Miyembro ng Pambatasang Kapulungan.
- Para malaman kung saang elektoral na dibisyon ka nakatira at sino ang mga kandidato, bisitahin ang electionsmanitoba.ca o makipag-ugnayan sa amin.
- Ang mga pangalan ng mga kandidato na maari mong iboto ay ililista sa balota.

Maari ba akong magtrabaho sa halalan?

Ang Elections Manitoba ay kukuha ng mga tauhan na magtatrabaho bago at sa mismong halalan. Bayad ang mga trabaho at ang pagsasanay bago ang nasabing trabaho. Alamin ang karagdagang impormasyon sa electionsmanitoba.ca.

Maari mong dalhin ang iyong mga anak kapag ikaw ay boboto!

Ang mga bata ay makakakuha ng isang "Official Future Voter" na sticker.

Kontakin:

electionsmanitoba.ca
Telepono: 204-945-3225
Toll-free sa Manitoba: 1-866-628-6837
Email: election@elections.mb.ca

Ang Elections Manitoba ay isang nagsasariling opisina, ng Pambatasang Kapulungan, responsable sa pagtakbo ng lahat ng mga halalan na panlalawigan.

Elections Manitoba